



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

DI TAYO SUMASANG-AYON SA HINDI MABUTI

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Dagbestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

May mga magagandang bagay na inutos sa atin ang Allah at ang kanyang pinagbawalan sa atin ay lahat ng di makakabuti sa atin. Kapag ika'y nakakita ng kabutihan Alhamdulillah, sa mga pagkakataon na nakakita ka ng mga masama iyong sabihin na:

اللهم إن هذا منك لا نرضا به

“Allahumma inna hatha munkarun la narda bih,” Ibig sabihin nito “Ya Allah ito’y di mabuti at di namin ito gusto o ninanais.” Ito’y dahil kapag sumang-ayon ka o nagkagusto sa isang masamang gawain darating ang galit ng Allah, darating sa bansang iyon. Kapag nakakita ka ng masama kahit sa loob lang iyong sabihin “Ito’y masama at di kami sumasang-ayon dito, di namit ito gusto o ninanais.”

Ito’y ating sinasabi para di ito maging bahagi ng buhay natin na kahit masama ay pwede na. Hindi pwede na sabihin “Masama ito pero pwede lang.” Di dapat tayo sumang-ayon doon. Tayo ay inosente, di natin ito tinatanggap o binibigyan na pagpapahalaga. Kailangan natin patuloy na sabihin ito kahit sa loob man lang upang ating makita ng mabuti ang haram. Ang Haram at Halal ay di dapat naghahalo.

Kapag ika'y nakakita ng masama, sabihin mo ito lagi sa iyong sarili. Upang dahil doon maalala mo ito na isang haram at di makalimutan. Nawa'y ilitas tayo ng Allah sa mga masamang sitwasyon at bigyan ng patnubay ang mga nahulog sa ganuong kasamang sitwasyon. **Habib Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Halifi** ay di lamang para sa maling-gawain ng mga tao, kapag ika'y nakakita ng mga halagayan, haram, mga alak o masamang imahе o estatwa, tignan mo sila bilang isang bawal o masama para sa atin. Iyong sabihin na di kami sumasang-ayon dito.

Nawa'y bigyan ng Allah ng patnubay ang mga taong Ito. Nawa'y bigyan din tayo ng Allah ng mas magandang sitwasyon.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
6 December 2016/6 Rabiul Awwal 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah